# Balitang Manmin

BILANG 55 PEBRERO 5, 2012


# Nagparehistro Bilang Miyembro ng Manmin Mula sa 95 Bansa

## Naghahanda ang Manmin Central Church ng Sangay na Iglesya sa Colombia Para Mag-alaga sa mga Miyembro Doon

Patuloy na lumalaki ang bilang ng mga nagpaparehistro sa pamamagitan ng www.manmin.org, ang website ng iglesya.

Naisalin na sa pitong iba't ibang wika ang opisyal na website ng Manmin Central Church kasama na ang wikang Ingles, simple at tradisyunal na Intsik, Hapon, Pranses, Kastila, at Ruso. May makikitang 'menu bar' sa website kung saan puwedeng magrehistro bilang miyembro ng Manmin. Sa paraang ito, may mga nakapagparehistro na mula sa siyamnapu't limang mga bansa simula pa noong Enero 2006 hanggang sa kasalukuyan. Kasama dito ang Estados Unidos, Canada, Brazil, Panama, Moldova, Romania, Denmark, Myanmar, Saudi Arabia, Oman, Turkey, Kuwait, Botswana, Tunisia, at Australia.

Kahit walang sangay na iglesya sa Colombia, daan-daang tao mula doon ang nagparehistro sa Manmin Central Church. Kaya naghahanda na ang iglesya natin sa pagsisimula ng isang sangay sa Bogota, Colombia, para maalagaan sila.

Inilagay ng iglesya ang 'menu bar' dahil maraming tao ang nagtatanong kung paano sila magiging miyembro ng Manmin Central Church. Tumanggap sila ng masaganang pagpapala mula sa website, sa GCN TV (Global Christian Network, www.gcntv.org), sa mga libro ni Dr. Jaerock Lee, *Balitang Manmin*, mga sermon ni Dr. Lee, at mga patotoo.





Sinabi ni Pastor Hose Leonardo ng Venezuela na nagparehistro sa website, "Tumanggap ako ng malaking pagpapala mula sa DVD ng mga sermon ng Punong Pastor. Ibinabahagi ko ito sa mga miyembro ng iglesya ko." Taos-puso siyang nagpasalamat. Ayon naman kay Alkuiin Bajef ng Russia, "Pinapakinggan ko bawat linggo ang mga sermon ni Dr. Lee, hanggang sa nagparehistro na ako bilang miyembro ng Manmin para mas lumago pa ang pananampalataya ko."

Ayon kay Francis, isang babaing taga-Kenya, "Nagparehistro ako bilang miyembro ng Manmin dahil nabagbag ang damdamin ko ng ministeryo habang pinapanood ang mga programa sa Family TV at Internet." Dumadalo na siya ngayon sa Nairobi Holiness Manmin Church. Higit pa riyan, parami nang parami ang mga hiling na maipanalangin ng Punong Pastor araw-araw. Nakikita namin dito kung gaano na kalawak ang naabot ng iglesya sa buong mundo.

Sa taong 2012, mas mabilis nang magiging pandaigdigang iglesya ang Manmin Central Church sa pamamagitan ng napakamakapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu at ng dakila at kamangha-manghang kapangyarihan ng Diyos.

Isinasahimpapawid din ang mga pagsamba ng Manmin Central Church sa GCN TV upang sama-samang sumamba ang mga manonood sa buong mundo. (Tingnan sa pahina 3) Sabay-sabay na isinasalin ang mga sermon ni Dr. Lee sa wikang Ingles, Hapon, Intsik, Pranses, Kastila, Mongolian, at Tagalog. Bukod sa pagsasahimpapawid ng mga patotoo ng paggaling at makapangyarihang pagkilos ng Diyos, nagpapalabas din ng mataas na uri ng kulturang Cristiano sa pamamagitan ng papuri at sayaw.

## "Nagtrabaho Ako sa Kookmin Bank Bilang Pinakabatang Empleyado"



Kapatid na Ye-eun Kim (Unang Misyon ng mga Kabataan)

Patuloy na dumadami ang mga taong walang trabaho sa Korea. Kahit ang mga taong may mataas na pinag-aralan ay nahihirapang humanap ng trabaho. Subalit noong Oktubre 2011, sa edad na 17, naging empleyado ng Kookmin Bank sa Gwanghwamun si Ye-eun Kim. Siya ang pinakabata sa lahat ng mga nagtatrabaho sa bangkong ito.

"May nakapagsabi sa akin na ang sangay ng bangkong ito ang pinakamahusay. Ibinalita ang tungkol sa akin ng mga diyaryo katulad ng *Joong-ang Ilbo*. Nagpapasalamat ako sa Diyos."

Noong nasa mataas na paaralan siya, nabigyan siya ng labing-apat na 'certificate' o katibayan ng kahusayan kasama na dito ang 'computerized accounting' na pinakamataas sa lahat. Nakapagbawas din siya ng 30 kilo sa timbang niya, mula 80 kilo (176 libra) naging 50 kilo (110 libra) siya. Ayon sa kanya, nakamit niya ang lahat ng ito dahil sa pagpapala at pag-ibig ng Diyos.

"Tatlong taon nang kasal ang nanay ko nang ipinagbuntis ako dahil sa pananalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee. Habang lumuluha, hiniling ng Punong Pastor sa mga estudyante na huwag kaming mabahiran ng kamunduhan at huwag pabayaan ang mga tungkulin namin bilang mga estudyante. Nabagbag ang puso ko ng pag-ibig niya kaya nagsikap akong mag-aral nang mabuti at maging masigasig sa buhay Cristiano ko."

Gusto niyang maging pinakabatang manager o tagapamahala ng sangay ng bangko. Umaasa kami na pagpalain siya ng Panginoon sa lahat ng oras.

## Balitang Litrato



**"Gusto Namin ang Oras ng Pag-aaral ng Biblia"**

Noong Enero 8, sinimulan ng mga guro sa paaralang pang-Linggo para sa mga bata ang pinakaunang klase sa pag-aaral ng Biblia para sa taong 2012. Ginamit nila ang librong *Children Who Pursue True Blessing* Vol.2 batay sa libro ni Dr. Lee na *A Man Who Pursues True Blessing.*

# Ang Iglesyang Nagpapahayag sa Buong Mundo

"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." (Ang Mga Gawa 1:8)

Itinatag ng Diyos ang Manmin Central Church noong 1982 at ibinigay Niya sa iglesya ang tungkuling magbahagi ng ebanghelyo sa buong bayan at sa buong daigdig. Inatasan Niya ang iglesya para gisingin ang mga taong natutulog ang mga espiritu. Dahil nasa puso natin ang tungkuling ito, hindi tayo humihinto para tuparin ito sa loob ng tatlumpung taon. Mayroon na tayong sampung libong sangay at mga katuwang na iglesya.

Ngayong 2012, ang taon ng biyaya, mas palalawakin natin ang kaharian ng Diyos bilang isang iglesyang nagpapahayag sa buong mundo. Mangyayari ito sa tulong ng makapangyarihang pagkilos ng Banal na Espiritu katulad ng mga naunang iglesya. Ano ang dapat nating ipahayag?

### 1. Dapat Nating Ipahayag ang Ebanghelyo ng Kabanalan at ang Kapangyarihan ng Diyos sa Lahat ng mga Bansa

Kinausap ako ng Diyos nang hirangin Niya ako bilang isang lingkod Niya. Sinabi Niya, "Pagkatapos mong pag-aralan ang Salita sa loob ng tatlong taon, magpapakita ka ng mga tanda at himala, tatawid ka sa mga bundok at maglalakbay ka sa mga ilog at karagatan." Itinatag ang Manmin sa vision o pangitaing ito.

Bago magbukas ang iglesya, itinanong ko sa Diyos kung ano ang ipapangalan Niya sa iglesya. Sumagot Siya at sinabing 'Manmin' na nangangahulugang 'lahat ng mga bansa'. Ang ibig sabihin ng pangalang ito: ang iglesyang ito ang magbabahagi ng ebanghelyo sa lahat ng mga bansa. Samantala, naitatag na rin ang mga pundasyon para sa pambansa at pandaigdigang pagpapahayag ng ebanghelyo.

Magmula noong taong 2000, binuksan na ng Diyos ang pintuan para sa pagmimisyon sa buong mundo. Ginabayan Niya tayo sa pangangaral ng ebanghelyo ng kabanalan at kapangyarihan ng Diyos sa mahahalagang bahagi ng mundo. Subalit ang totoong pagsisimula ng pambansa at pandaigdigang pagpapahayag ng ebanghelyo ay ang taong ito, 2012.

Mahigit sa pitong bilyong mga kaluluwa ang mahimbing na natutulog ang mga espiritu at sila ay nabibihag ng kadiliman. Dapat maging ilaw at asin ng mundo ang Cristianismo, subalit ito ay tinatanggihan ng mga tao. Sa Europa nagsimula ang pagpapahayag ng ebanghelyo, subalit sinasabi nila ngayon: "Walang Diyos!" Napawi na ang apoy ng pananampalataya sa lugar na ito dahil sa kapangyarihan ng anti-Cristo. Pinapalawak ngayon ng anti-Cristo ang kapangyarihan at impluwensiya niya sa buong mundo.

Ito ang dahilan kung bakit imposibleng gisingin ang henerasyong ito ng iilan lang na mga manggagawa na may pangkaraniwang kapangyarihan. Kailangang-kailangan natin ang napakalakas na pagkilos tulad ng kapangyarihan ni Jesus, at ng kapangyarihan ng mga manggagawa tulad ng mga apostol. Kaya pinapalago ng Diyos ang pananampalataya at kapangyarihan ng bawat isa sa inyo. Kasabay nito, tinanggal na Niya ang limitasyon ng kapangyarihang ipinagkaloob Niya sa akin at mas pinalago pa Niya ito.

### 2. Ibinigay ng Diyos ang Mabilis na Pagdaloy ng Espiritu sa Manmin sa 'Ikatlong Bahagi ng Pagtaas'

Tinawag ng Diyos na 'Unang Bahagi ng Pagtaas' ang panahon sa pagitan ng 1982 nang magsimula ang iglesya at 1999 nang itatag ng iglesya ang pangunahing pundasyon ng pananampalataya. Ang 'Ikalawang Bahagi ng Pagtaas' ay mula sa taong 2000, nang simulan ang pandaigdigang misyon kasama ang kapangyarihan ng Paglikha, hanggang sa taong 2009 nang maisagawa ang ministeryo sa Israel. Ngayon ay nasa 'Ikatlong Bahagi ng Pagtaas' tayo kung saan natin tutuparin ang kalooban ng Diyos.

Tinawag ng Diyos ang 2010 bilang simula ng taon ng 'Ikatlong



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

Bahagi ng Pagtaas' at 'Taon ng Pag-aani'. Ibinigay ng Diyos ang pamagat ng panalangin – 'Ang Sukat ng Pananampalataya', at hinayaan Niya tayong suriing mabuti ang pananampalataya ng bawat isa sa atin. Ibinunyag Niya ang mga kasalanan natin at ang likas na pagiging makasalanan na nasa kaibuturan ng bawat isa. Salamat sa Diyos dahil binigyan Niya tayo ng espesyal na pagpapala at pinatawad ang lahat ng mga kasalanan natin kasama na ang labis na kasamaan.

Sa prosesong ito, naunang itinaas ng Diyos ang mga lumabas sa hangganan ng kaligtasan (ang mga nagkakasala pa rin kahit ligtas na) upang makarating sa unang antas ng pananampalataya. Itinaas Niya ang mga nasa una at ikalawang antas papunta sa ikatlong antas.

Noong taong 2011, nabagbag ng pag-ibig ng Diyos, ng pagpapala ng Panginoon, at ng panalangin para sa pastol ang lahat ng miyembro ng Manmin, kasama na dito ang mga kabataan. Nagpasimula sila ng kampanyang Bagong Jerusalem para sila ay mapabanal at makamit ang mga katangian para makapasok sa Bagong Jerusalem. Para makamit ang layuning ito, pinalakas nila ang mga sarili sa Salita ng Diyos at maalab na nanalangin.

Pinamunuan tayo ng Diyos sa pagpapabanal natin, pananatili sa pananampalataya, at pagtulad sa Panginoon. Ginabayan Niya tayo sa pagsulong mula sa ikatlong antas ng pananampalataya para makatuntong sa Matatag na Pananampalataya o Bato ng Pananampalataya at makarating sa antas ng Espiritu. Noong Mayo, ipinakita sa atin ng Diyos ang orihinal na liwanag, katulad ng 'aurora lights', na pumalibot sa iglesya. Noong Hunyo, niloob Niyang makapagdaos tayo ng tatlong espesyal na pagtitipong may pagpapagaling at noong Hulyo, nagdaos tayo ng kumperensya para sa mga lider. Dahil sa mga kaganapang ito, mabilis na nagkaroon ng matatag na pananalig ang maraming mananampalataya. Ang matatagal nang nasa bungad ng pagiging espirituwal ay naging banal at napuspos ng espiritu.

Higit pa riyan, tinupad ng Diyos para sa inyo ngayon ang batas ng katarungan, sa pamamagitan ng pastol na inilagay Niya sa harapan ninyo. Ipinakita Niya ang pagpapagaling sa mga nabaling daliri, sa mga maliliit na bukol sa lalamunan, sa nawalang sigla ng buhay at sa mga bituka na ayaw nang gumana. At hinayaang ipakita ko sa inyo ang magandang halimbawa ng pananalig para magkaroon din kayo ng perpektong pananampalataya sa puso ninyo. Marami sa inyo ang nagsabing nagkaroon kayo ng tunay na pag-ibig at tunay na pananampalataya dahil sa mga pangyayaring ito. Ang lahat ng mga bagay na ito ay naging dahilan para kayo ay ipanganak na muli bilang mga mandirigma ng Panginoon.

### 3. Ano ang dapat ninyong gawin para maging mga mandirigma ng Panginoon?

**Una, dapat ninyong isuot ang banal na kasuotan.**

Sinasabi sa Mga Taga-Roma 13:14, "Kundi isuot ninyo ang Panginoong Jesu-Cristo, at huwag ninyong paglaanan ang laman, upang masunod ang mga pagnanasa nito." Ang tinutukoy ng banal na kasuotan ay ang banal na puso. Ang mga mayroon pang kahit na anong makasalanang likas sa puso ninyo ay hinihimok kong iwaksi na ang mga ito sa taong ito. Para kilalanin kayo kahit ng mga hindi mananampalataya bilang mga tunay na Cristiano at sila ay makinig sa ipinapahayag ninyo.

Kayo ay mga manggagawa ng Panginoon at mga instrumento ng Banal na Espiritu. Pinoprotektahan din kayo ng banal na kasuotan. Iniingatan kayo ng Diyos kahit saan man kayo pumunta, sa ilang man o sa mga kabundukan, habang suot ninyo ang banal na kasuotan. Sa panahon ngayon, maraming tao ang tumatawag ng 'Panginoon, Panginoon.' Gayon pa man, dapat ninyong tandaan na ang tunay na Cristiano ay nakikilala sa kasuotan niya, ang puso niya.

**Dapat mayroon kayong malalakas na armas.**

Upang mapalaganap ang ebanghelyo ng kabanalan at ang kapangyarihan ng Diyos sa espirituwal na digmaan, dapat mayroon tayong matalas na tabak ng salita para mabuwag natin ang kampo ng diyablo. Ibig sabihin, palakasin nating mabuti ang sarili sa ebanghelyo ng kabanalan. At dapat kayong manalangin palagi para bigyan kayo ng kapangyarihan ng Diyos sa oras ng pangangailangan. Kapag suot na ninyo ang banal na kasuotan, ang pagpapamalas ninyo ng awtoridad sa salita at kapangyarihan ng Diyos ay magiging batay sa pag-aaral ninyo ng salita at sa pananalangin ninyo.

Hindi magtatagal, maraming mga uhaw na kaluluwa ang hihiling na bigyan sila ng mga manggagawa na magmumula sa iglesya natin. At habang lumalawak ang kaharian ng Diyos, mas madadagdagan pa ang mga dapat gawin. Samakatwid, hinihimok ko kayo sa pangalan ng makapangyarihang Panginoon, na simula sa araw na ito na pag-aralan ninyong mabuti ang salita at manalangin kayo para magampanan ninyo nang buong kalakasan ang inyong tungkulin.

**Dapat mayroong kayong maalab na pag-ibig.**

Sa panahon ngayon, minamahal ng mga tao ang sarili nila, pera, at pagsasaya nang higit sa anumang bagay. Malupit sila at hindi nagmamahal sa kapwa. (2 Timothy 3:1-5) Mahigpit na nakasarado ang pintuan ng mga puso nila at hindi nagbubukas para sa Diyos o sa ibang tao. 'Pag-ibig' ang susi para lumambot at mabuksan ang ganitong klaseng puso.

Pag-ibig ang isa sa mga katangian ng Tagapagligtas at maaaring ang pinakamahalaga. May pagpapatawad at habag sa puso ng mga apostol at mga miyembro ng unang iglesya sa mga umusig sa kanila.

Bilang Punong Pastor ng Manmin Church, umaasa ako na magkakaroon din kayo ng pag-ibig ng Panginoon, ang pag-ibig na nagpapatawad at nagsasakripisyo, at ang pag-ibig ng Banal na Espiritu, na hindi humihinto sa paggabay sa mga kaluluwa hanggang sa marating nila ang kaligtasan at ang Bagong Jerusalem. Inuudyukan ko kayo sa pangalan ng Panginoon na nagbigay sa atin ng tunay na kapayapaan na palayain ninyo ang maraming kaluluwa sa pagkakagapos sa kasalanan.

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog

Balitang Manmin

Inilathala ng Manmin Central Church

Address: 235-3, Guro-Dong3, Guro-Gu, Seoul, Korea (152-848)
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: www.manmin.org/english
Email: manminministry@gmail.com
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin




# Isinusulong ng GCN Broadcasting ang Pag-ibig ng Diyos sa Buong Mundo!

Ang tanging layunin ng pagkakatatag ng GCN Broadcasting ay para maipalaganap ang kaluwalhatian ng Diyos na may Tatlong Persona at ang ebanghelyo sa lahat ng mga bansa sa mundo. Ito ay bilang pagsunod sa kalooban ng Diyos sa ministeryo ng pagsasahimpapawid ng mga bagay na pang-Cristiano. Dahil sa makabagong pamamaraan ng komunikasyon at mabilis na sistema ng transportasyon, ang pagsasahimpapawid ay naging napakabisa na rin.

Mas grabe na ngayon ang kasalanan at kadiliman kaysa noong panahon ng Sodoma at Gomorra. Dapat gampanan ng mga Cristiano ang napakahalaga nilang tungkulin bilang asin at ilaw ng mundo, maghatid ng ebanghelyo kahit sa mga liblib na lugar, at maghanda para sa pagbabalik muli ng Panginoon. Para magawa ang mga tungkuling ito, kinakailangan ang ministeryo ng pagsasahimpapawid. Sa kasalukuyan, pinapalaganap na ng GCN TV ang ebanghelyo ng Diyos, ang pag-ibig ni Jesu-Cristo, at ang maalab na pagkilos ng Banal na Espiritu sa buong mundo.



## Kasalukuyang Kalagayan ng Pagsasahimpapawid

Noong Enero 2000, sinimulan namin ang GCN TV sa pamamagitan lang ng pananampalataya. Ngayon, naihahatid na nito ang ebanghelyo sa buong mundo at naging napakamahalagang bahagi na ito ng mundo ng pagsasahimpapawid dahil sa tulong ng mga iginagalang na mga tagapagbalita sa loob at labas ng Korea. Ang Salitang puno ng buhay at ang makapangyarihang mga gawain na ipinapalabas sa GCN TV ay naging napakabisa dahil hindi mabilang na mga tagapanood ang nakaranas ng pag-ibig at kapangyarihan ng Diyos. Nasagot din ang kanilang mga problema, at natuklasan nila ang tunay na kahalagahan ng buhay dahil sa mga programa. Ang mataas na klase ng pagsasahimpapawid gamit ang teknolohiyang HD, ang iba't ibang nilalaman ng mga palabas, at ang mataas na pamantayan ng mga programa ay napapanood sa mahigit isang daan at pitumpung mga bansa sa tulong ng ibang mga tagapagbalita sa mundo. Ang istasyon ay nakakatanggap ng napakaraming sulat ng pagpapasalamat at mga kahilingan ng panalangin na lumalampas sa panahon at hangganan ng mga bansa.

## Ang Pangitain (Vision)

Ang layunin ng GCN TV ay nakatuon sa pagiging pangunahing Cristianong istasyon ng TV sa buong mundo na gagabay sa lahat ng mga bansa patungo sa Panginoong Jesus. Palalawakin nito ang nasasakupan at plataporma para mapanood ng lahat ng tao sa lahat ng bansa ang mga programa ng GCN anumang oras at lugar. Pagkatapos isaalang-alang at pag-aralan ang mga katangian ng isang rehiyon, magtatayo ang GCN ng network o grupo ng mga istasyon na magkokonekta sa buong mundo at maglalapit sa mga manonood sa pamamagitan ng cell phone, internet, cable TV, at satellite TV. Ang mga programa ay isasalin sa mas maraming wika para mas maliwanag na maintindihan ng taong-bayan ang Salita ng Buhay at mas malinaw na mapanood ang mga makapangyarihang pagkilos ng Diyos. At pagkakabit-kabitin ng GCN ang mga Cristianong istasyon ng TV at ang mga sangay at katuwang na iglesya, na magpapabilis ng proseso ng pandaigdigang iglesya.

### Mga Sagot sa Panayam Tungkol sa GCN TV



"Napakadakila ng pangitain ng GCN TV sa paghahatid ng pag-ibig ni Jesu-Cristo kasama ang mainit na pagmamahal sa ebanghelyo. Naniniwala ako na matutupad nila ang tungkuling ito. Sa pamamagitan ng GCN TV, maraming tao ang makakakilala kay Jesu-Cristo at magkakaroon ng tunay na buhay sa pamamagitan ng pagtitiwala sa pangalan Niya."

Dr. Frank Wright, Pangulo ng NRB (National Religious Broadcasters)



"Ang mga programa ng GCN TV at ang mga mensahe ni Dr. Lee ay kumilos sa puso ng mga manonood at tinuruan kami ng maliwanag at madaling paraan kung paano mamumuhay nang matuwid para sa Panginoon. Dahil kay Dr. Lee, ang ebanghelyo ni Jesu-Cristo ay naikalat hanggang sa dulo ng mundo."

Igor Nikitin
Pangulo ng Russia RBN Rodnoy at TBN Russia



"Nabagbag ako at nahamon ng GCN TV. Nagpapalawak sila ng kaharian ng Panginoon sa pamamagitan ng kamangha-manghang sistema ng pagsasahimpapawid at mahusay na teknolohiya. Masaya ako sa paglilingkod ko katuwang ang GCN TV. Malaking biyaya ito para sa amin."

Rosalva Rodriguez De Lincoln,
Pangulo ng Enlace TBN Colombia




"Tumanggap ang mga manonood na taga-Pondicherry, India ng mga biyaya dahil sa mga sermon ni Dr. Lee. May malaking epekto ang lahat ng mga programa ng GCN TV sa paglago ng pananampalataya sa Diyos. Idinadalangin ko sa Diyos na maisahimpapawid sa buong India ang mga programa ng GCN TV."

Abraham Vincent,
Pangulo ng Arul Vaaku GCN TV, India

# Mahahalagang Sermon na Nagpakilos sa mga Kaluluwang Kastila ang Wika Binago ang Buhay Ko ng mga Mensahe

**Elder Aldo Enrico Guido-Spano Amoretti** (Peru Manmin Church)



"Noong Disyembre 2004, idinaos ni Dr. Jaerock Lee ang Krusadang may Pagpapagaling sa Lima, Peru. Itinanim ng krusadang ito ang mga binhi ng ebanghelyo ng kabanalan sa Peru. Sa kasalukuyan, nagbubunga ito ng masagana dahil sa Peru Manmin Church at sa mga programa ng Enlace TV."

Naglustay ako ng pera sa magulong buhay at nagpakasaya sa pag-inom ng alak habang naglilingkod bilang diplomat o kinatawan. Noong 1992, nagbitiw ako sa tungkulin. Pagkaraan ng tatlong taon, tinanggap ko ang Panginoon, subalit walang nakitang pagbabago sa buhay ko.

### Samantala, dumalo ako sa Krusadang may Pagpapagaling sa Peru na pinangunahan ni Dr. Jaerock Lee

Isang araw, may kamangha-manghang pagbabagong nangyari sa akin. Naging tagasalin ako para sa mga taong nagmula sa isang bansa sa Silangan at narinig ko sa kanila ang tungkol sa ministeryo ni Dr. Jaerock Lee, ang Punong Pastor ng Manmin Central Church. Sila pala ay mga manggagawa ng iglesya na magmimisyon sa Peru.

Noong Disyembre 2004, idinaos ni Dr. Lee ang Krusadang may Pagpapagaling sa Lima, Peru. Nabuksan ang mga mata ko dahil sa mga pangyayari. Nakita kong gumaling ang hindi mabilang na mga tao mula sa maraming klaseng karamdaman kasama na ang AIDS at kanser. Nakita ko rin na tumayo, lumakad, at tumalon ang mga pilay at itinapon na ang mga silyang may gulong at mga baston at saklay nila.

### Nagkaroon ako ng tunay na pananampalataya dahil sa ebanghelyo ng kabanalan

Magmula noon, nagsimula akong magsalin ng mga sermon ni Pastor Lazarus J. Lee na nagmiministeryo sa Peru Manmin Church bilang misyonero ng Manmin Central Church. May malalim na espirituwal na kahulugan ang mga mensahe niya. Sabi niya, natutuhan niya ang lahat ng ipinapangaral niya kay Dr. Jaerock Lee, ang Punong Pastor ng Manmin Central Church. Ako at ang mga miyembro ng pamilya ko ay nakinig sa mga mensahe bawat linggo at nagsimulang magbago ang aming mga buhay.

Mabilis na lumago ang pananampalataya namin dahil sa mga mensahe tungkol sa pangangalaga sa tao, sukat ng pananampalataya, at pagpapabanal. Gayundin, ang tungkol sa pagkakaiba ng kahulugan ng 'Jesus' at 'Jesu-Cristo', at sa lihim na itinago bago pa magsimula ang panahon.

Napagtanto ko na nasa isip ko ang Salita ng Diyos bilang kaalaman lang. Sa wakas ay nagkaroon kami ng tunay na pananampalataya na may kasamang paggawa.

### Tinanggap ko ang biyaya na maging kabahagi sa ministeryo ng paglalathala at pagsasahimpapawid

Sa panahon ding ito, sinimulan ko ang pagsasalin sa wikang Kastila ng mga libro ni Dr. Lee na *Ang Mensahe ng Krus* at *The Measure of Faith*. At mas kamangha-mangha pa, boses ko ang ginamit sa pagbabasa ng mga sermon ni Dr. Lee na isinasahimpapawid sa Enlace TV na siyang pangunahing Cristianong istasyon ng TV sa Latin America. Nakapagsalin na ako ng mga limang daang sesyon ng mga sermon at boses ko rin ang ginamit sa pagbabasa ng mga ito.

Naniniwala ako na napakahalaga ng ginagawa ko sa pagpapakalat ng ebanghelyo ng kabanalan hanggang sa mga liblib na bahagi ng mundo.

Ngayon, laganap na ang mga sermon ni Dr. Lee sa mga bansang Latino at sa mga bansa sa buong mundo na wikang Kastila ang ginagamit. Sa Amerika, ikinakalat din ang mga sermon sa wikang Kastila, ito ang minorya pagdating sa populasyon na may pinakamalaking bahagi sa U.S.

Tumanggap ako ng masaganang biyaya magmula nang nagsalin ako ng mga sermon ni Dr. Lee. Naging maunlad ang buhay ko, at nag-iba na ang layunin ko sa buhay.

Masigasig ako sa tama at maayos na paghahatid ng kalooban ng Diyos na nakasaad sa mga sermon at sa pagpapahayag ng pagmamahal ni Dr. Lee sa mga kaluluwa. Nagsikap akong gawin ito, kaya naging mahinahon ang boses ko. Kahit hindi ako marunong ng wikang Koreano, tinulungan ako ng Diyos na maintindihan ang laman ng puso ni Dr. Lee. Sa pamamagitan nito, nauunawaan ko nang mas malalim ang Salita ng Diyos at nakikilala ang puso at kalooban Niya.

### Pinagpala ang pamilya ko na makapaglingkod para sa kaharian ng Diyos at umaasa sa Bagong Jerusalem

Kamakailan lang, may isang miyembrong taga-Quito, Ecuador, ang bumisita sa Peru Manmin Church. Sariling gastos ang pagpunta niya dito dahil tumanggap siya ng maraming pagpapala. Sinabi niyang hindi pa siya nakakarinig ng ganito kadalisay na ebanghelyo kaya nagpapasalamat siya at nagkaroon siya ng tunay na pananampalataya dahil sa mga mensahe. Tunay na pagpapala na maunawaan natin nang tama ang Salita ng Diyos at mamuhay ng masayang buhay Cristiano.

Nakikita ko na ngayon ang mga gantimpala sa langit. Higit sa lahat, gusto kong mapabanal at magsipag sa buhay Cristiano ko para maabot ko ang pinakamagandang tirahan sa lahat, ang Bagong Jerusalem. Naging elder ako at naglilingkod sa iglesya bilang pinuno ng Sangay ng Pananalapi at Pagpaplano. Tagasalin din ako ng mga sermon ni Dr. Lee.

Ang asawa ko rin ay may tungkulin bilang Diakonesa at Lider ng Distrito. Siya ay matapat na naglilingkod.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos Ama at ang Panginoon na umiibig sa akin at niloob Niya na makilala ko ang gagabay sa akin sa daan patungo sa Bagong Jerusalem, si Dr. Jaerock Lee.




## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras
Sampaloc, Manila, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0910-262-5465

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Philippines
Pastor Peter Bae
Pastor Lucy Lee
0905-649-1120

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, philippines
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 /
0916-674-3903 /
0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Philippines
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4
Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City Cebu, Philippines
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Philippines
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714